

# Para sa mga taong papasok/pauwi sa Japan

Kinakailangang isumite ang questionnaire sa inyong pagpasok/pag-uwi sa Japan

## Mangyaring punan ang **online questionnaire** bago kayo dumating

Bilang bahagi ng pagproseso ng quarantine para sa COVID-19, nire-require na magsumite sa quarantine officer ng "online questionnaire" kung saan nakasulat ang tala ng inyong pamamalagi at kalagayan ng inyong kalusugan sa pagpasok/pag-uwi sa Japan.

**Mangyaring punan ng kinakailangang impormasyon ang "online questionnaire" bago kayo dumating (sa bahay/paliparan/loob ng eroplano, at ipakita ang na-isyung QR code sa quarantine officer pagdating ninyo sa Japan.**

### Daloy ng pagpuno sa "Online Questionnaire"

※Kailangan ang koneksyon sa internet para sa download.

I-download sa inyong pinagmulan



Kahit sa loob ng eroplano



※Kung pupunan ito sa loob ng eroplano, kailangang i-download muna ito bago sumakay.

Sa immigration



**1** Punan ng impormasyon ang online questionnaire ⇒ pag-isyu ng **QR code**

**2** Ipakita ang **QR Code/Passport**

**Kung pupunan ito pagkatapos dumating sa Japan, gugugol ng oras para gawin ito, at maaaring mangailangan ng oras para sa pagproseso ng quarantine.**

※Kung wala kayong smartphone o tablet at hindi makagawa ng QR code para sa "online questionnaire" bago sumakay sa eroplano, maaaring gumawa ng QR code sa pamamagitan ng pagpuno ng "online questionnaire" sa computer na nasa paliparan pagdating ninyo sa Japan, ngunit maaaring gumugol ng oras sa pagpuno nito.

**I-access ang online questionnaire dito:**

<https://arqs-qa.followup.mhlw.go.jp>

※Suportado ng smartphone at computer




# Paano Gamitin ang "Online Questionnaire"

## I-access ang online questionnaire




<https://arqs-qa.followup.mhlw.go.jp>




Para sa mga taong gamit ang smartphone (Android, iOS), mangyaring i-add ito sa inyong home screen, at sagutin ito mula sa icon na nasa home screen. Maaaring sagutin offline ang questionnaire mula sa icon sa home screen.

**※Mangyaring punan ito offline dahil maaaring hindi makakonekta sa Internet kapag nasa paliparan o loob ng eroplano.**

## Kumpirmahin ang nilalaman ng home page, at i-click ang "Susunod"



※Ito ang screen na naka-display sa smartphone.



## I-save o i-print ang naisyung QR code



※Mangyaring itago nang mabuti ang QR code hanggang matapos ang pagproseso ng quarantine pagdating ninyo sa Japan.

## Punan ng impormasyon ang questionnaire form



※Kung may hindi malinaw na bagay atbp., mangyaring tiyakin ang FAQ sa website.

